PAHAYAG NG IMPORMASYON TUNGKOL SA BAKUNA

Bakuna (Inactivated o Recombinant) sa Trangkaso: *Ang kailangan ninyong malaman*

Many Vaccine Information Statements are available in Spanish and other languages. See www.immunize.org/vis

Maraming Mga Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang available na mababasa sa Espanyol at iba pang wika. Magpunta sa www.immunize.org/vis

1 Bakit dapat magpabakuna?

Maiiwasan ang **trangkaso** sa **bakuna sa trangkaso.**

Nakahahawang sakit ang trangkaso na kumakalat sa Estados Unidos taun-taon, madalas sa pagitan ng Oktubre at Mayo. Puwedeng magka-trangkaso ang kahit sino, pero mas mapanganib ito sa ilang tao. Ang mga sanggol at bata sa murang edad, taong may edad 65 o higit pa, mga nagdadalantao at taong may tukoy na karamdaman o mahinang sistemang immune ay mas nanganganib sa komplikasyong dulot ng trangkaso.

Ilan sa halimbawa ng komplikasyong dulot ng trangkaso ang pulmonya, brongkitis, impeksiyon sa sinus at tainga. Kung may karamdaman kayo, tulad ng sakit sa puso, kanser o diyabetis, mapapalubha ito ng trangkaso.

Puwedeng maging sanhi ng lagnat at panlalamig ang trangkaso, mahapding lalamunan, pananakit ng kalamnan, pagkahapo, ubo, sakit ng ulo, sipon o baradong ilong. Puwedeng magsuka o magtae (diarrhea) ang ibang tao, pero mas karaniwan ito sa mga bata kaysa mga may sapat na gulang.

Bawat taon, **libo-libong tao sa Estados Unidos ang namamatay dahil sa trangkaso,** at mas marami pa ang nao-ospital. Naiiwasan sa pamamagitan ng bakuna ang trangkaso para sa milyon-milyong sakit at ang pagkonsulta sa doktor na kaugnay ng trangkaso taun-taon.

2 Bakuna sa trangkaso

Inirerekomenda ng CDC sa lahat ng may edad 6 buwan pataas na magpabakuna tuwing panahon ng trangkaso. Puwedeng kailanganin ng **mga batang 6 buwan hanggang may 8 taong gulang** ang 2 dosis sa loob ng isang panahon ng trangkaso. Kailangan ng lahat ng iba pa ang 1 dosis lamang sa bawat panahon ng trangkaso.

Tatagal ng halos 2 linggo para ma-develop ang proteksyon pagkatapos mabakunahan.

Maraming uri ng virus ang trangkaso, at palagiang nagbabago ang mga ito. Sa bawat taon, nagpoprotekta ang isang bagong bakuna sa trangkaso laban sa tatlo o apat na mga virus na malamang na magsanhi ng sakit sa paparating na panahon ng trangkaso. Kahit na hindi eksaktong pantapat sa mga virus itong bakuna, puwede pa rin itong magbigay ng ilang proteksiyon.

Hindi nagiging sanhi ng trangkaso ang bakuna sa trangkaso.

Puwedeng isabay ang bakuna sa trangkaso sa iba pang mga bakuna.

3 Kumonsulta sa inyong tagabigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan

Sabihin sa inyong tagabigay ng serbisyo sa bakuna kung ang taong babakunahan ay:

- Nagkaroon na ng **allergic reaction sa isang dating dosis ng bakuna sa trangkaso,** o mayroon siyang **malubha, banta-sa-buhay na mga allergy.**
- Nagkaroon na ng **Guillain-Barré Syndrome** (tinatawag ding GBS).

Sa ilang kaso, puwedeng magpasya ang inyong tagabigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ipagpaliban ang bakuna sa trangkaso sa isang konsultasyon sa ibang araw.

Puwedeng bakunahan ang mga taong may hindi malalang sakit, tulad ng sipon. Ang mga taong may di malubha o lubos na malubhang sakit ay karaniwang dapat na maghintay muna na gumaling sila bago kumuha ng bakuna sa trangkaso.

Maaari kayong bigyan ng tagabigay ng serbisyo osa pangangalaga ng kalusugan ng mas maraming impormasyon.

U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention

4 Mga panganib ng reaksiyon sa bakuna

- Puwedeng magkaroon ng panghahapdi, pamumula, at pamamaga sa bahaging pinagturukan ng bakuna, lagnat, pananakit ng kalamnan, at sakit ng ulo pagkatapos ng bakuna sa trangkaso.
- Puwedeng may kaunting pagtaas ng panganib ng Guillain-Barré Syndrome (GBS) pagkatapos ng inactivated na bakuna sa trangkaso (iniksiyon para sa trangkaso).

Ang mga batang mura ang edad na nabakunahan sa trangkaso kasabay ng bakunang pneumococcal (PCV13), at/o bakunang DTaP ay puwedeng medyo mas malamang na magkaroon ng sumpong ng sakit (seizure) na sanhi ng lagnat. Sabihin sa inyong tagabigay ng serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan kung ang isang bata na nakakuha ng bakuna sa trangkaso ay nakaranas kailanman ng isang seizure.

Nahihimatay kung minsan ang mga tao pagkaraang dumaan sa mga pamamaraang medikal, kabilang ang pagbabakuna. Sabihin sa inyong tagabigay kapag nahilo kayo o may pagbabago ng paningin o may tunog na naririnig sa tainga.

Tulad ng iba pang gamot, maliit ang posibilidad na maaaring maging sanhi ang bakuna ng seryosong sakuna o pagkamatay.

5 Paano kung nagkaroon ng malubhang problema?

Puwedeng magkaroon ng allergic reaction pagkatapos na umalis sa klinika ang nabakunahang tao. Kung makapansin kayo ng isang malubhang allergic reaction (pamamantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, kahirapan sa paghinga, mabikis na tibok ng puso, pagkahilo, o panghihina), tumawag sa **9-1-1** at dalhin sa pinakamalapit na ospital ang tao.

Para sa iba pang mga senyas na ikinababahala ninyo, tumawag sa inyong tagabigay ng serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan.

Dapat na mai-report ang salungat na reaksiyon sa Sistema ng Pag-uulat sa Salungat na Epekto ng Bakuna (Vaccine Adverse Event Reporting, VAERS). Karaniwang ang inyong tagabigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ang nagpapa-file ng report, o puwedeng kayo mismo ang gumawa nito. Bumisita sa web site ng VAERS sa **www.vaers.hhs.gov** o tumawag sa **1-800-822-7967**. *Para lamang sa pagre-report ng mga reaksiyon ang VAERS, at hindi nagbibigay ng payo sa paggamot ang mga kawani ng VAERS.*

Translation provided by the California Department of Public Health, Immunization Branch

6 Ang Programa sa Pambansang Karampatang Kabayaran sa Pinsalang dulot ng Bakuna (National Vaccine Injury Compensation Program, VICP)

Ang Programa sa Pambansang Karampatang Kabayaran sa Pinsalang dulot ng Bakuna (National Vaccine Injury Compensation Program, VICP) ay isang programang federal na binuo para mabayaran ang mga taong napinsala dahil sa ilang bakuna. Bisitahin ang VICP website sa **www.hrsa.gov/vaccinecompensation** o tumawag sa **1-800-338-2382** para alamin ang tungkol sa programa at kung paano mag-file ng claim sa karampatang kabayaran. May takdang panahon para sa pagsu-sumite ng mga paghahabol o claim para sa karampatang kabayaran.

7 Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

- Magtanong sa inyong tagabigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.
- Tumawag sa inyong lokal o pang-estado na departamento ng kalusugan.
- Makipag-ugnayan sa Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636** (**1-800-CDC-INFO**) o
  - Bisitahin ang website ng CDC sa **www.cdc.gov/flu**